Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-12 NG MARSO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 50-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPATAW NG PARUSANG ANIM (6) NA BUWANG SUSPENSIYON KAY PUNONG BARANGAY CELSO M. HERNANDEZ NG BARANGAY TIKAY, LUNGSOD NG MALOLOS, KAUGNAY SA KASONG ADMINISTRATIBO BLG. 01-2020, DAHIL SA KANYANG PAGKAKASALANG 'MISCONDUCT IN OFFICE'.

PANGUNAHING MAY-AKDA: KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

SAPAGKAT, batay sa Section 1, Article 11 ng Saligang Batas, "Ang pagtitiwala ng bayan ay angkin ng katungkulang pambayan. Ang mga pinuno at mga kawaning pambayan ay kinakailangang mamalaging nananagutan sa mga taong-bayan, maglingkod sa kanila na taglay ang pinakamataas na pakundangan, dangal, katapatan, at kahusayan, manuparan na taglay ang pagkamakabayan at katarungan, at mabuhay nang buong kapakumbabaan";

SAPAGKAT, ang mga batas at regulasyon ay umiiral upang magbigay ng kaayusan sa lipunan at pangalagaan ang mga mamamayan, kung kaya't ang mga ito ay dapat sundin at tupdin higit lalo ng mga taong nasa katungkulang pambayan;

SAPAGKAT, noong 06 Enero, 2020 ay nakatanggap ang Sangguniang Panlungsod ng sinumpaang reklamo laban kay Kapitan Celso M. Hernandez ng Barangay Tikay at ito ay naitukoy sa Lupon sa Kagandahang Asal at Mabuting Pamamahala noong 09 Enero, 2020. Noong 14 Enero, 2020 ay pinadalhan at natanggap ni Kapitan Hernandez ang kopya ng reklamo na may tagubilin na siya ay maghain ng sinumpaang kasagutan ukol dito sa loob ng 15 araw. Noong 30 Enero, 2020 ay natanggap ng Sanggunian ang sagot ni Kapitan Hernandez;

SAPAGKAT, ayon sa reklamo ni Kagawad Alvin V. Salvador ng Barangay Tikay, isa di-umanong maselan na transaksyon ang naganap sa kanilang barangay noong 04 Oktubre, 2019 sa pamamagitan ni Kapitan Hernandez. Nagkaroon ng pagbili ng mga silya, mesa at desk plate si Kapitan Hernandez na nagkakahalaga ng PhP 224, 200.00 subalit ito ay hindi diumano dumaan sa proseso ng *bidding*, hindi pinagtibay ng resolusyong pambarangay, hindi kasama sa ordinansang paglalaan ng barangay, may kakulangan sa dokumento at hindi pagpirma ng Pinuno ng Komite sa Paglalaan sa Disbursement Voucher, at lubhang mataas ang naging halaga ng mga nabanggit na kagamitan;

SAPAGKAT, ayon naman sa sinumpaang kasagutan ni Kapitan Hernandez, mariin niyang ipinahayag na malinis ang kanyang hangarin sa pasya niyang bumili ng mga silya, mesa at desk plate kapalit ng mga lumang ginagamit sa kanilang barangay at dahil na rin sa kanyang buong pag-aakala na sumasang-ayon sa kanyang suhestyon ang karamihan sa bumubuo ng Sangguniang Barangay;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

SAPAGKAT, batay sa mga isinagawang pagdinig ay napatunayan ang mga sumusunod:

a. Ang pagbili ni Kapitan Hernandez ng mga silya, mesa at desk plate ay hindi dumaan sa Bids and Awards and Committee ng Barangay at hindi nagkaroon ng *bidding* alinsunod sa itinatadhana ng Article IV, Section 10 ng R.A. 9184 o' Government Procurement Act at ng Section 52.1(a) ng Revised Implementing Rules and Regulations ng R.A. 9184 kung saan itinakdang magkaroon ng *bidding* kapag lumampas na sa Limampung Libong Piso ang bayarin sa barangay at ito ay pinatotohanan ng pahayag ng mga bumubuo ng Bids and Awards Committee ng Barangay na sina Kgg. Alvin V. Salvador bilang Chairman, Kgg. Cesar A. Villafuerte, Jr. bilang Co-Chairman at nina Kgg. Fel-Ann C. Punongbayan, Kgg. Roberto C. Hernandez at Kgg. Ronaldo M. Estrella bilang mga Members.

b. Ang nasabi ring pagbili ng mga silya, mesa at desk plate ay walang pagsang-ayon ng bumubuo ng Sangguniang Barangay sa pamamagitan ng isang Resolusyong Pambarangay na pinatunayan ng mga bumubuo ng Sangguniang Barangay at ni Kapitan Celso M. Hernandez.

c. Lumampas ang kabuuang halaga ng nabiling gamit na PhP224,200.00 sa takdang halagang PhP 200,000.00 na nakalaan para sa pagbili ng mga kagamitan batay sa kopya ng Barangay Appropriation Ordinance for 2019 sa ilalim ng Capital Outlay (Office Equipment) na paglabag sa Section 305(a) at Section 336 ng Local Government Code of 1991.

d. Inapubrahan ni Kapitan Hernandez ang pagbabayad sa mga silya, mesa at desk plate kahit na walang pirma ng Finance Committee Chairman ang Disbursement Voucher, na pinatutunayan ng inilakip na kopya ng Disbursement Voucher at tseke at batay na rin sa salaysay ni Kgg. Alvin V. Salvador na siyang Finance Commmittee Chairman na paglabag naman sa Article 454 ng Implementing Rules and Regulations ng Local Government Code of 1991.

e. Itinuloy ni Kapitan Hernandez ang transaksyon ng pagbili ng mga silya, mesa at desk plate sa kabila ng pagtutol at agam-agam ng karamihan ng Kagawad ng Sangguniang Barangay na matutunghayan sa Katitikan ng Regular na Pagpupulong Blg. 19-2019 ng Sangguniang Barangay na may petsang 09 Oktubre 2019;

SAPAGKAT, batay sa desisyon ng Korte Suprema sa kasong G.R. No. 154521, September 30, 2005, *"Misconduct is a transgression of some established and definite rule of action, more particularly, unlawful behavior or gross negligence by the public officer. The misconduct must imply wrongful intention and not a mere error of judgment and must also have a direct relation to and be connected with the performance of the public officer's official duties amounting either to maladministration or willful, intentional neglect, or failure to discharge the duties of the office".*

SAPAGKAT, alinsunod sa Article 130(c) ng Implementing Rules and Regulations ng Local Government Code of 1991, ang parusa kaugnay sa mga kasong administratibong dininig ng Sangguniang Panlungsod ay hindi dapat hihigit ng anim (6) na buwan kada administratibong paglabag;

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. DENNIS D. SAN DIEGO na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na si Kapitan Celso M. Hernandez ay napatunayang nagkasala ng *"Misconduct in Office"* base sa mga ebidensya at dokumentong iprinisinta sa mga pagdinig.

IPINASIYA PA RIN, NA PATAWAN NG PARUSANG ANIM (6) NA BUWANG SUSPENSYON SI PUNONG BARANGAY CELSO M. HERNANDEZ NG BARANGAY TIKAY, LUNGSOD NG MALOLOS, BULACAN, KAUGNAY SA KASONG ADMINISTRATIBO BLG. 01-2020 DAHIL SA KANYANG PAGKAKASALANG 'MISCONDUCT IN OFFICE'.

IPINASIYA PANG MULI, na magalang na hinihiling sa Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian na atasan ang Panlungsod na Manananggol para sa pagsasagawa ng kaukulang aksiyon sa bagay na ito.

PINAGTIBAY.

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI | KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI | KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*03122020